Nobyembre - Disyembre 2012
NOT FOR SALE
VALENZUELA Ngayon
Taon 7 Blg 4
VALENZUELA, MAY DISIPLINA!




# VALENZUELA IS 'MOST BUSINESS-FRIENDLY CITY'

## 6 awards pa inani para sa galing ng serbisyo

- Best Chief of Police in NCR
- Best Police Women and Children Protection Desk for NCR
- Best Cooperative Development Office for NCR
- Best in Infant and Young Children Feeding Initiatives
- Best in Accreditation and Equivalency for ALS Learners
- Outstanding Young Employee in Metro Manila



*APRUB SA MGA NEGOSYANTE.* Tinatangap ni Mayor WIN Gatchalian ang tropeo mula kina Pangulong Aquino at PCCI President Miguel Varela para sa parangal sa Valenzuela bilang Most Business-Friendly City sa bansa. ***Kuha ni Mark Cayabyab***

**PERSONAL NA KINILALA NI PANGULONG BENIGNO AQUINO III** at ng Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI), ang Lungsod ng Valenzuela bilang "2012 Most Business-Friendly Local Government Unit" sa kategoryang Highly Urbanized City, Okt. 11, kasabay ng 38th Philippine Business Conference and Expo sa Manila Hotel.

Hinirang ng pinakamalaking grupo ng mga negosyante sa bansa ang lungsod dahil sa kinakitaan nila ng katapatan at kahusayan sa pamamalakad dito dala ng "3S Program." Plataporma ng pamunuan ng lungsod ang 3S Program para lipulin ang kultura ng graft and corruption at palakasin ang kumpiyansa ng sektor ng mga negosyante sa pamahalaan, maging ng taumbayan.

Nakapaloob sa 3S Program ang mga batayang "Simple Processes, Speed in Delivery at Service Excellence." Ibig sabihin, mas simpleng transaksyon upang iwas "red tape," mas mabilis na aksyon sa tulong ng teknolohiya at kaaya-ayang kalidad ng serbisyo mula sa mga kawani *(May kaugnay na ulat sa Pahina 3 – Ed).*

sundan sa pahina 2

### Baha may solusyon na

# Valenzuela-Obando-Meycauayan flood control project aprubado na

**MATAPOS ANG MGA SERYE NG PAGBAHA** at walang sawang panawagan ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian na muling buhayin ang planong pagpapagawa ng Valenzuela-Obando-Meycauayan (VOM) Flood Control Project, nakumbinsi ang national government na aprubahan ito na may P820 milyong badyet at tapusin sa lalong madaling panahon.



Sa file photo na ito noong Agosto 2011, nakararanas ng pagbaha ang ilang bahagi ng Valenzuela City tuwing may malakas na pag-ulan dahil sa angking topograpiya ng mga ito. Inaasahang sosolusyunan ng VOM Flood Control Project ang mga pagbaha rito at maging sa mga karatig bayan sa Bulacan. ***Kuha ni Mark Cayabyab***

Personal na ibinalita ito ni Pangulong Benigno Aquino III sa mga Valenzuelano noong magtungo siya sa Brgy. Gen. T. de Leon National High School sa lungsod at nagbigay ng tulong sa mga nasalanta ng matinding habagat noong Agosto 9, 2012.

Bilang bahagi ng Flood Management Master Plan for Metro Manila and Surrounding Areas na inaprubahan ng National Economic Development Authority (NEDA) nitong Setyembre 2012, inaasahan na tutugunan ng VOM Flood Control Project ang sitwasyon ng pagbaha sa ilang bahagi ng lungsod at mga karatig nitong mga bayan.

Matatandaang mariing inihain ito ng alkalde sa isang forum kasama ang mga mamamahayag sa Sofitel Philippine Plaza sa Pasay City noong July 2011. Sinabi niyang kung wala ang VOM ay hindi lubos na masusolusyunan ng mga flood control projects ng lungsod gaya ng mga pagpapataas ng kalsada, pumping stations at flood gates ang suliranin.

sundan sa pahina 4


### Huminto sa pag-aaral?

# Tuloy ang pasada ng buhay sa Task Force OSY

**KATATAPOS PA LAMANG SA UNANG TAON** ni Justine Oribiana, 19, ng Brgy. Bignay sa kursong Bachelor of Technical Teachers Education (BTTE) sa Valenzuela City Polytechnic College (Valpoly) nang magdesisyon siyang huminto sa pag-aaral dahil sa problemang pinansyal. Subalit, ang dapat sana'y out-of-school youth at part-time tricycle driver ay nagawang ibahin ang takbo ng kanyang kapalaran.

Sa tulong ng *Task Force on Out of School Youth (TF-OSY): Intervention, Reduction and Prevention* ng lungsod at sariling pagsusumikap sa pasada ng may 4 na oras kada araw, naipagpatuloy pa rin ni Justine ang pag-aaral hanggang sa makagradweyt sa kursong *Automotive Technology*.

sundan sa pahina 4



*KUMPUNI.* Si Justine Oribiana na isa sa mga benepisyaryo ng Task Force OSY habang nasa trabaho bilang mekaniko sa Motorpool ng City Hall. ***Kuha ni Jonathan Licuan***

VALENZUELA Ngayon



# VC Police Station, hataw sa awards



**ANATOMY DOLL.** *Pinapakita nina City Police Chief Wilben Mayor at City Women and Children Protection Desk Officer Lorena Hernandez ang anatomy doll at iba pang mga laruan na bahagi ng WCPD. Ayon sa mga opisyal, gamit ang mga anatomy doll para tulungan ang mga batang biktima na dumudulog sa kanila na makapaglahad ng pang-aabusong sekswal.* ***Kuha ni Mark Cayabyab***

## Best Police Chief in NCR

**"LEAD PNP AWARD: SERBISYONG MAY PAGKUKUSA",** ito ang pinakamataas na parangal para sa isang chief of police na nakuha ni Valenzuela City Police Chief PSSUPT Atty. Wilben Mayor sa ginanap na pagdiriwang ng ika-111 taong selebrasyon ng pulisya sa NCRPO Headquarters, Camp Bagong Diwa, Taguig City, Okt. 29, 2012.

Katumbas ng naturang parangal ang pagiging City Police Chief ng taon para sa kalakhang Maynila. Layon nito na kilalanin ang pinakanatatanging pamumuno at pagsuporta para maisakatuparan ang PNP Integrated Transformation Program o PATROL Plan 2030.

Ayon kay Chief Mayor, repleksyon ang parangal sa dedikasyon sa serbisyong may 400 kawaning pulis na kanyang nasasakupan sa lungsod. Bunga rin aniya ito ng atensyong ibinubuhos ng City Government sa kanilang ahensya mula sa pasilidad, mga kagamitan, sasakyan at maging sa training. ***-Beng Bautista***

## Best Women & Children Protection Desk

**KASABAY SA PAGTANGGAP NG PARANGAL** ni Valenzuela Police Chief Mayor, umani din ng award ang Women and Children Protection Desk (WCPD) ng lungsod bilang *The Best WCPD Station* sa buong NCR sa pangunguna ni Valenzuela City WCPD Officer Lorena Hernandez.

Lumalabas sa datos na halos perfect score ang nakuha ng Valenzuela WCPD na96.26. Nakuha naman ng Makati City ang pangalawang pwesto na may puntos na 88.94 at 78.75 naman para sa ikatlo ang sa lungsod ng San Juan.

Kaugnay nito, nagpasalamat si Hernandez kay City Mayor Sherwin T. Gatchalian dahil sa suporta ng pamahalang lungsod sa kanilang ahensya idagdag pa ang pagkakaloob dito ng isang bagong Isuzu Crosswind upang maging *service* nito sa kanilang mga operasyon.

Ang dalawang award na nabanggit ay kapwa personal na iniabot ni National Capital Region Police Office (NCRPO) Regional Director PCSUPT Leonardo Espina. ***-Beng Bautista***



**BIDA KAMI.** *Pinamalas ng mga batang ito na kalahok ang kanilang kakyutan at talento sa mga patimpalak kasabay ng National Children's Month celebration sa lungsod. Umuwing 3rd place sa NCR Paligsining ang mga batang ito sa pangangalaga ng Early Childhood Development program ng lungsod.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

# VC, modelo sa breastfeeding

PINARANGALAN ANG LUNGSOD NG VALENZUELA ng National Nutrition Council (NNC) ng NCR ng Department of Health bilang *"The Best in Infant and Young FeedingInitiatives"* dahil sa ipinakita nitong pagsisikap na isulong ang breastfeeding program at pagtataguyod nito sa child nutrition.

Tinanggap ng pamahalaang lungsod ang parangal kamakailan sa ginanap na 2012 Regional Nutrition Awarding Ceremony sa Wack Wack Golf and Country Club sa Mandaluyong City, Setyembre 7.

Ayon kay City Mayor Sherwin T. Gatchalian, mahalaga ang kalusugan ng mga bata at nararapat lamang na paglaanan ito ng agresibong programa na kakatuwangin din ang mga magulang.

Ipinatutupad sa lungsod ang Ordinance No. 40, series of 2011, o mas kilalang "An Ordinance Promoting and Protecting in the City of Valenzuela" na siyang sandigan ng Infant and Young Child Feeding (ICYF) Program at mga kaugnay na training para sa mga kawani at volunteers ng lungsod.


Nagbuo rin ng community support groups para siguruhin na gagabayan ang mga buntis at mga nagpapasusong ina pagdating sa nutrisyong kailangan nila. ***-Liezl Fulgencio***

## VC nanguna sa A&E Test ng ALS

**NANGIBABAW ANG VALENZUELA CITY** sa buong National Capital Region sa kinalabasan ng Alternative Learning System (ALS) Mandatory Accredition and Equivalency (A&E) Test para sa taong 2011.

Ayon kay Baltazar Gayem, ALS Coordinator, sa 385 mag-aaral ng ALS na kumuha ng A&E Test, nakapagtala dito ng 40.80% passing rate. Importante rito aniya, katumbas ito ng 66% improvement mula sa A&E Test results ng 2010 na may 26.90% passing rate lamang.

Inaasahan naman ni Gayem na magtutuloy-tuloy ang results improvement dahil sa isinasagawang pag-professionalize at buhos-atensyon ng lungsod sa ALS sa pamamagitan ng WIN Ang Edukasyon Program. ***-L. Fulgencio***



**STAR THERAPY.** *Abala ang batang ito sa Bahay Kalinga ng lungsod, sa pangangasiwa ng City Social Welfare and Development Office (CSWD), sa paggawa ng mga parol bilang therapy ng mga batang inaalagaan dito. Nob. 16, 2012.* ***Kuha ni Mark Cayabyab***



***MGA BANTAY SUNOG, UMARIBA.*** *Buong gilas ang Valenzuela City Bantay Sunog Volunteers (VC-BSV) sa kanilang training sa City Hall Grounds noong Mayo. Ayon kay City Fire Station Chief F/CSUPT Mel Jose P. Lagan, napigilan ng mga VCBSV ang may 14 insidente ng sunog sa lungsod para sa taong ito dahil sa mabilis na pagresponde at tamang pagganap sa mga natutunan nila sa kanilang mga training at nakapagligtas sa maraming ari-arian at buhay. Sa kasalukuyan ay mayroong 1,300 Bantay Sunog Volunteers ang lungsod bilang kaagapay ng 96 na bumbero dito.* ***– Beng Bautista, Kuha ni Mark Cayabyab***

# Most Business-Friendly City

*mula sa pahina 1*

Dahil dito, bumandera ang Valenzuela City sa iba't-ibang pamantayan ng PCCI: trade, investments and tourism promotions; public-private sector partnership; micro, small and medium enterprises (MSME) development; quality management system, innovations and human resources development; quality customer service; at inter-local government relations.

**DOBLE KITA**

"Nagawa nitong palaguin ng may 13,021 ang bilang ng mga rehistradong negosyo noong 2012, o halos dumoble noong 2004," ulat ni Mayor WIN sa interview ng PCCI sa headquarters nito noong Sept. 27. Dagdag pa niya, "dumoble rin ang kita ng lungsod mula P900 milyon noong 2004, hanggang sa mahigit P2 bilyon noong 2011."

Pinasalamatan ni Mayor Sherwin T. Gatchalian ang mga empleyado ng pamahalaang lungsod, ang mga negosyante ng lokal at ang lahat ng mamamayan na nakiisa sa pagtupad ng kanyang mga adhikain. "Kung wala po ang inyong suporta at pakikipag-tulungan, hindi po tayo magkakaroon ng matagumpay na programa", aniya.

"Kapag business-friendly ang Valenzuela City, mas aktibo at graft and corruption-free ang ekonomiya natin. Kapag mas aktibo at transparent ang ekonomiya natin, mas maganda at tuloy-tuloy ang buhos ng mga programa at proyekto para sa mga Valenzuelano," buod niya.

Marami nang naunang iba't-ibang parangal at mga pagkilalang natamo ang Valenzuela City mula sa iba pang mga institusyon tulad ng DILG, World Bank at International Finance Corporation. Dahil sa mga ito, ang lungsod ay naging paboritong destinasyon ng maraming LGU sa kanilang mga lakbay-aral. ***-Zyan Caiña***

# Nasa VC ang pinakamahusay na mga koop

**TINANGHAL NG COOPERATIVE DEVELOPMENT AUTHORITY (CDA)** ang Valenzuela City Cooperative Development Office (VC-CDO) bilang Most Outstanding LGU Cooperative Development Office sa buong National Capital Region para sa taong ito.

Tinanggap ni Valenzuela City COOP head na si Veronica Chongco ang parangal mula kay CDA chairman Emmanuel Santiaguel sa ginanap na 11th National Cooperative Summit sa Limketkai Center, Cagayan de Oro City, Okt. 11.

Kinilala rin ng ahensya bilang most outstanding sa buong Kalakhang Maynila ang Parish of the Holy Cross Savings and Credit Cooperative para sa Large Cooperative Category (may assets na above P100 milyon) at San Juan Dela Cruz Parish Savings and Credit Cooperative for Medium Cooperative Category (na may assets na P15-100 milyon).

Sa pinakahuling tala ng VC-CDO, nasa 78 ang bilang ng mga aktibong kooperatiba sa lungsod na may kabuuang 66,000 na miyembro at kabuuang assets na P1.692 bilyon.

Layon ng mga kooperatiba na bumuo ng mga samahan kung saan ang mga miyembro nito ang magpapalakad at magpapalago ng kanilang mga tinipong resources o salapi para sa kanilang pakinabang, na sa huli, nakatutulong itaas ang kalagayan ng pamumuhay sa lungsod. ***-Beng Bautista***

## Talas vs red tape, pinapurihan

# 'Very satisfied kami sa City Hall'

**MALAKI ANG INIHAKBANG NG VALENZUELA CITY** sa laban nito kontra "red tape" at sa pagsasaayos ng pamamalakad upang makapagbigay ng mas kumbinyente at mabilis na serbisyo sa publiko, ayon sa isinagawang pag-aaral ng Deptartment of the Interior and Local Government at ng Civil Service Commission.

Inilahad ni DILG Manila Cluster Head Atty. Mariane Celeste Cariño sa isinagawang Anti-Red Tape Act Report Card (ARTA-RCS) Exit Conference kasama ang Management Team ng City Hall, Okt. 24, na mula sa gradong 71.07% noong 2011, nakapagmarka ang mga kawanihan ng 84.58%. Sapat na ito aniya para sabihing "Good" mula sa pagiging "Acceptable."

Isinagawa ng mga nabanggit na ahensya ang pag-aaral noong Hulyo sa City Health Department at Local Civil Registry na pawang mga frontline service units at sa mga paligid ng City Hall. Sa 30 respondents nila, 66.67% dito ang nagsabing "Very Satisfied" sila sa serbisyong natanggap at sa pamamalagi nila sa City Hall habang 33.33% naman ang nagsabing "Satisfied" sila.

Pinapurihan ang resulta ni CSC Director for Office of Strategy Victoria Esber na kasama rin sa kumperensiya.

Layon ng ARTA-RCS na siguraduhing nasusunod ang Republic Act 9485 o ang Anti-Red Tape Act of 2007 na nag-uutos sa mga tanggapan ng gobyerno na "gawing mas episyente ang kanilang pagbibigay serbisyo sa pamamagitan ng pagbawas ng mahahaba at hindi kinakailangang mga proseso o red tape; at pagsugpo ng graft and corruption."

Matapos ang pag-uulat, siniguro ni City Administrator Atty. Teresita Capacillo na gagawin ng kawanihan ang lahat para maipagpatuloy ang pagbibigay ng mas maayos na serbisyo sa pamamagitan ng "3S Program." - ***Mark Cayabyab***



***ALISTO.*** *Abala sa pagsasanay ang mga miyembro ng Valenzuela City SWAT Team sa kanilang partisipasyon sa 1st NCRPO SWAT Competition sa Camp Bagong Diwa, Taguig, Hunyo 22.* ***Kuha ni Mark Caybyab***

## Contracting, subcontracting bantayan - DOLE

**NAG-ORGANISA NG MGA TALAKAYAN ANG PAMAHALAANG LUNGSOD** nitong Hunyo para linawin ang mga probisyon ng Department of Labor and Employment (DOLE) Order No. 18-A, o kilala bilang "Regulations Governing Contracting and Subcontracting Arrangements" sa mga sector na kinauukulan.

Sa nabanggit na forum na minoderate ni DOLE-NCR assistant regional director Atty. Benjo Santos Benavidez, binigyang linaw sa mga nagsipagdalo ng mga negosyante at manggagawa na lehitimo ang contracting at subcontracting kapag rehistrado ang contractor sa regional office ng DOLE kung saan ito nag-o-operate.

Iniuutos din ng Order No. 18-A na kailangang may sapat na kapital at Service Agreement na ayon sa Labor Laws ang contractor upang pangalagaan ang interes at mga benepisyo ng mga manggagawa nito, mapa-reliever, seasonal, week-ender, temporary o promo jobbers man.

Dahil dito, isinasaklaw na rin ng DOLE ang contracting at subcontracting sa mga regulasyon ng pamahalaan pagdating sa promotion at paggarantiya sa karapatan ng mga manggagawa para sa makataong kalagayan ng pagtatrabaho, security of tenure, pagbuo ng samahan at collective bargaining.

Naniniwala si Mayor Sherwin T. Gatchalian, chairman ng Valenzuela City Tripartite Industrial Peace Council (VCTIPC), na magkakaroon ng mas maayos na relationship ang mga negosyo at trabahador kapag malinaw at nasusunod ang ipinag-uutos ng pamahalaan. - ***Zyan Caiña***



***EGBERT CANNON.*** *Pinagtutulungang hanguin ng mga kawani ng lungsod ang may 9 toneladang kanyon na nagsilbing "memorial marker" para kay Col. Harry Clay Egbert na napatay ng mga kawal Pilipino noong Philippine-American War taong 1899 sa Brgy. Malinta. Ang antigong kanyon na may 10 feet ang haba ay kasalukuyang pinapa-restore ng lungsod sa mga eksperto ng National Historical Commission of the Philippines para mai-display muli sa publiko.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

## Bayad sa amilyar, buwis, gagawing patext-text na lang

**PUMIRMA NG ISANG MEMORANDUM OF UNDERSTANDING** ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela at United States Agency for International Development (USAID) sa city hall, Nob. 7, para gawing mas kumbinyente at transparent ang pagbabayad sa mga government transactions gaya ng sa sedula, real property tax, business at license permits at public market rentals.

Ito ay sa pamamagitan ng Scaling Innovations in Mobile Money (SIMM) Project na kauna-unahan sa bansa. Lumagda dito sina Eric Postel, USAID Assistant Administrator, City Mayor Sherwin T. Gatchalian at Gloria Steele, Mission Director, USAID Mission Director para sa Pilipinas.

"Layon ng programa na simulang palaganapin ang mobile money (m-money) services at magdulot ito ng positibong epekto sa pamamahalang lungsod sa pamamagitan ng paggamit lamang ng cellphone," ayon kay Mamerto Tangonan, chief of party ng USAID, SIMM Project.

Dagdag pa niya, "inaasahang maibababa rin nito ang administrative costs ng gobyerno, at mababawasan ang leakage ng pondo dahil mas sinisimplihan nito ang transaksyon ng tao."

Buo ang tiwala ni Mayor Sherwin T. Gatchalian na mas paiigtingin nito ang "3S Program" ng lungsod na siyang bumago sa kulturang pamamalakad sa City Hall. Ito din ang itinuturing na sanhi sa pagkakapili sa lungsod ng USAID, sa ilalaim ng Better Than Cash (BTC) Alliance, paraditoi-pilot test ng dalawang taon sa Pilipinas ang SIMM program.

Sinabi ni USAID Assistant Administrator Eric Postel na naunang ipinakilala ng BTC Alliance ang naturang programa sa mga bansa ng Columbia, Kenya at Peru.

Dito na rin niya pinapurihan ang lungsod, "You are setting standards in the world. There are certain cities in the US that could learn from you."

Nagpahayag din ng pagsuporta sa Scaling Innovations in Mobile Money (SIMM) Project ang mga lokal na negosyante, mga malalaking kumpanya ng telekomunikasyon na Globe at Smart at mga financial institutions. - ***Liezl Fulgencio***




***PANG-INTERNATIONAL.*** *Ipinakikita nina USAID Assistant Administrator Eric Postel (kaliwa), Valenzuela City Mayor WIN Gatchalian at USAID Mission Director Gloria Steele ang kanilang nilagdaang MOU para sa programang mobile money services upang mapabilis ang mga transakyon pangnegosyo sa lungsod.* ***Kuha ni Mark Cayabyab***

# Samu't sari

## 'The Big One' pinaghahandaan

**NAGKASUNDO ANG VALENZUELA CITY GOVERNMENT, PHILIPPINE RED CROSS (PRC)** at limang ospital sa lungsod na bumuo ng isang maayos na sistema na magpapabilis sa pagresponde sa panahon ng "mass casualties" dulot ng malubhang mapaminsalang kalamidad.

Base sa pinirmahang memorandum of agreement noong Hunyo 23 sa Bahayang Pag-asa covered court sa Brgy. Maysan, magtatalaga ng PRC Welfare Desks ang mga kinauukulan sa mga ospital na kasama sa kasunduan upang makapagbigay "psychosocial support" at matulungang hanapin o mapag-isa muli ang mga pamilya sakaling may malaking trahedya ang tumama sa lungsod.

Pinangunahan ang aksyong ito nina Valenzuela City Mayor at Red Cross Governor Sherwin T. Gatchalian at tagapangulo ng PRC Richard Gordon. Kasama din sina Valenzuela City Emergency Hospital director Dr. Rolando Tecson, Calalang General Hospital president at medical director Dr. Ferdinand Calalang, Sanctissimo Rosario General Hospital medical director Dr. Serafin David Serapio, K.C. Calderon Hospital medical director Dr. Annie Joyce Alagano at Fatima University Medical Center medical director Dr. Vicente Santos, Jr.

Ayon kay Chairman Gordon, mainam itong mga paghahanda para mas maraming buhay ang mailiigtas at mas mabilis na maibabalik ang kaayusan sa harap ng matitinding pagsubok. Aniya, daang-libo kasing mga taga-Metro Manila, mga kabahayan at mga gusali ang posibleng maapektuhan ng sinasabing "The Big One." Ito yung posibleng mapaminsalang paggalaw ng West Valley Faults na bumabagtas sa Makati, Marikina, Parañaque, Pasig at Taguig, na aabot sa lakas na Magnitude 7 o higit pa. Ayon pa sa report, kabilang ang Valenzuela City sa "flammability vulnerability" o pagkakaroon ng mga sunog lalo na yung mga malapit sa Kalookan City South at Quezon City West.

Ayon naman kay Mayor WIN na ulo rin ng Local Disaster Risk Reduction Council (LDRRC), "bahagi ang pagsasanib pwersang ito upang palakasin pa ang disaster risk reduction program sa lungsod at masiguro ang kapakanan ng mamamayan nito."

***- Zyan Caiña***

## Gulayan sa kabahayan

**UPANG HIMUKING MAGTANIM NG GULAY SA KANI-KANILANG BAKURAN** o sa open space sa komunidad kontra gutom at malnutrisyon, nagsagawa ang lungsod ng Home and Community Gardening contest kasabay ng National Nutrition Month nitong Hulyo.

Sa loob ng dalawang buwan, pinalaking mga sumali mula sa 18 barangay ang mga binhi na ipinamahagi ng City Health Department, City Nutrition Office, City Agriculture Department at mga Barangay Nutrition Committee.

Napagwagian ni Sheilah Caliwag ng Disiplina Village sa Brgy. Ugong ang 1st prize para sa Home Category habang nanguna ang Maysan sa Barangay Category.


Ayon kay City Agriculturist Dr. Nestor Manzano, kailangan lang ng creativity at resourcefulness para matagumpay ang tinatawag na urban gardening. "Kaya pa rin nating tustusan ang pangangailangan sa suplay ng gulay kahit nasa gitna tayo ng lungsod.

Kaugnay nito, kinilala rin ni Mayor Sherwin T. Gatchalian ang 12 na barangay: Arkong Bato, Bagbaguin, Bignay, ang dating Canumay, Dalandanan, Lawang Bato, Mapulang Lupa, Marulas, Paso De Blas, Pasolo, Ugong, Veinte Reales dahil sa kontribusyon nilang mapabuti ang nutritional status ng pre-school children sa lungsod. ***– Zyan Caiña, Beng Bautista***

VALENZUELA Ngayon



# Tuloy ang pasada ng buhay sa Task Force OSY




Nakapila ang mga kabataang ito sa Marulas Brgy. Hall na nagnanais mapabilang sa mga programa ng Task Force OSY. Regular ang isinasagawang caravan nito sa mga barangay at pamayanan upang mas maraming kabataan ang maabutan ng serbisyo nito. Para sa impormasyon, tumawag sa 352 1000 local 1805. **Kuha ni Mark Cayabyab**

*mula sa pahina 1*

Mas naging produktibo pa si Justine nang magdesisyon siyang mag *On-the-Job Training (OJT)* sa Motorpool Division ng City Hall. Dito na siya kalaunan naging empleyado bilang mekaniko.

"Simula high school pa lamang po ay kinailangan ko nang gumising ng madaling araw at mamasada para may pamasahe ako patungo sa iskul, makatapos lamang po ako ng pag-aaral", lahad ni ni Justine.

Inilunsad ang TF-OSY sa bisa ng Executive Order No. 2010-223 ni Mayor Sherwin T. Gatchalian noong 2011, para sa mga batang Valenzuelano na may pangarap na makatapos sa pag-aaral ngunit walang sapat na kakayahang pinansyal.

Si Justine ay isa lamang sa mga naging tagumpay ng TF-OSY. Sa tala ng task force, mayroon nang kabuuang 33 benepisyaryong OSY ang nakatapos sa pag-aaral ng iba't-ibang teknikal na kurso at iba't-ibang pagsasanay ang mayroon nang trabaho sa ngayon. Mayroong nag-oopisina, factory workers, sa mga beauty salon, *sales man* at maging sa hotel ay mayroon ding nakapasok ng trabaho.

**TESDA, HORTALEZA**

Ayon kay Kon. Lorie Natividad-Borja, action officer, ilan sa mga handog ng programa ang mga teknikal na kurso mula sa libreng pagsasanay ng TESDA at Hortaleza Foundation. May libreng pag-aaral mula sa 9 na iba't-ibang teknikal din na kurso sa Valpoly na may libreng matrikula at materyales na kakailanganin ng estudyante.

Kung mapapatunayan na talagang pati pambaon at pamasahe ay walang wala ang benepisyaryo, ito ay sasagutin na rin ng programa sa pamamagitan ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO). Ang makatatapos sa kanilang napiling kurso at nakapasa sa eksamen ay pagkakalooban ng NCII Certificate na isa sa mga requirement kung gustong makapagtrabaho dito man o sa ibang bansa.

**INTERNSHIP**

Kasama din sa programa ang Government Internship Program (GIP) para naman sa mga gustong makapagpatuloy ng pag-aaral hindi lang ng teknikal na kurso kundi pati na rin mga *bachelor* na kurso. Nang unang ilunsad ito ay binibigyan ng pagkakataong makapagtrabaho ang benepisyaryo sa iba't-ibang opisina sa pamahalaang lungsod sa loob ng 20 araw at ang suswelduhin nito ay gagamitin sa kanilang pag-aaral.


"Binuo po ang GIP upang maiparamdam sa mga benepisyaryo ang pagtatrabaho sa loob ng opisina, upang ma-inspire sila at maranasan ang halaga ng kanilang suswelduhin na pinaghirapan para mapag-aral nila ang kanilang mga sarili", ani GIP Coordinator Cecille Sebastian.

Nang lumaon ay nagkaroon na ng tinatawag na *follow-up* o *home visit* ang pamahalaang lungsod para sa mga kwalipikadong benepisyaryo na gusto pang magtuloy sa GIP hanggang sa makagradweyt.

Samantala, ang mga call center naman ay pasok na pasok sa panahon ngayon kung kaya't isa na rin sa mga handog ng TF-OSY ang libreng pagsasanay dito na siya ring mapapakinabangan ng mga benepisyaryo sa kanilang pag-aaplay ng trabaho.

**ALS, PESO**

Ang Alternative Learning System naman ay kilalang kilala na bilang sagot sa malaking problema ng mga OSY na lagpas na sa tamang edad para sa kanilang pag-aaral. Malaki ang tulong nito sa mga OSY. Kaisa din ang Public Employment Services Office (PESO) ng lungsod na nagbibigay din ng malaking pagkakataon sa mga OSY na mabigyan sila ng trabaho. "Kaagad akong nakapasok ng trabaho at kumikita na ako ngayon para sa aking pamilya," patunay naman ni Royce King Peralta, 20, ng Brgy. Mapulang Lupa, isa sa mga gradweyt ng TF-OSY na nagtatrabaho na sa Square D' Fab, isang pribadong kumpanya sa Brgy. East Canumay. *–Beng Bautista*



Personal na idinetalye ni Pangulong Aquino at Department of Public Works and Highways Sec. Rogelio Singson kay Mayor WIN Gatchalian ang Valenzuela-Meycauayan-Obando (VOM) Flood Control Project noong bumisita ito sa Gen. T. de Leon National High School matapos ang matinding habagat. **Kuha ni Jonathan Licuan**

# Flood control project aprubado na

*mula sa pahina 1*

Dagdag pa niya, "kung maipatutupad namin ang mga sariling proyekto ng Valenzuela City laban sa baha, ilalabas lang namin ang tubig sa mga kalapit na lugar, sila naman ang kawawa. Hindi naman iyon tama, kaya kailangan ng *multi-city approach* sa pagtugon sa problema sa baha at iyon ang proyektong VOM."

Nasa 15 porsiyento ng lungsod, partikular ang mga nasa mababang lugar sa unang distrito, ang laging binabaha lalo na kung malakas ang ulan. Naniniwala si Mayor WIN na walang oras ang dapat sayangin para sa VOM ngunit isang masusing pag-aaral sa disenyo nito ang kailangan pa ring isagawa batay sa kinahinatnan ng kalapit na Caloocan-Malabon-Navotas (CAMANA) Flood Control Project.

Isang eksperto pa mula sa Department of Public Works and Highways (DPWH) ang nagsabi na ang 21 square kilometers na bahagi ng VOM ay patuloy na makararanas ng hanggang tuhod o hanggang dibdib na pagbaha sa tuwing nagpapasalit-salit ang high tide at malalakas na ulan hangga't di natatapos ang mga nasabing flood control facilities. *–Beng Bautista*

## Kusina para sa 6,000 bata

# Ateneo, Valenzuela naglunsad ng city-wide feeding program



**HALUNG TULONG.** Magkakasamang hinahalo mula kaliwa, nina National Scientist at dating Ateneo president Fr. Bienvenido Nebres, Mayor WIN Gatchalian, kitchen staff, at DepEd Valenzuela Supt. ang mga kaldero ng tsampurado na ihahain sa mga bisita ng pagpapasinaya. **Kuha ni Dave Ilan/ Contributor**

**UPANG MAS MAIBABA ANG INSIDENTENG MALNUTRISYON** sa mga bata, nagsanib pwersa ang pamahalaang lungsod ng Valenzuela at Ateneo Center for Education Development (ACED) para sa malawakang K to 6 In-school City-wide Feeding Program para sa may 6,000 bata mula kinder hanggang Grade 6 sa buong lungsod.

Nauna nang sinimulan ang pagpapakain ng masustansyang pananghalian kada araw sa mga batang benepisyaryo noong Setyembre at gagawin ito hanggang sa huling araw ng klaseng kasalukuyang school year.

Sinabi ni ACED Executive Director Carmela Oracion sa pormal na pagpapasinaya noong Okt. 22 ng central kitchen nito sa Brgy. Malinta, na papasok ng handa at makakapag-aral ng mayos sa klase ang mga batang nabanggit kapag sapat ang kanilang kinakain.

Araw-araw ay pinagtutulungang gayatin at lutuin ng mga volunteer na miyembro ng WIN Mothers Club ang may 150k ng kalabasa, sitaw, karots; nagtatadtad ng isang plangganang bawang, sibuyas at luya; at nagsasaing ng 5 hanggang 7 sakong bigas.

"Malaking tulong ang atensyong ibinibigay ng Valenzuela para sa programang ito," dagdag pa niya. Lumalabas kasi na 20% ng mga bata sa buong bansa ang nagiging biktima ng "wasting" o ng mga pisikal na sintomas gaya ng pangangayat at kakulangan sa timbang sanhi ng malnutrisyon.

Nagkaroon pa ng signing of commitment para rito sina Mayor Sherwin T. Gatchalian, ang pamunuan ng ACED, DepEd Valenzuela Division Superintendent Dr. Flordeliza Mayari, mga opisyal ng mga barangay, mga kawani sa hanay ng 39 na paaralan, feeding coordinators, kitchen volunteers at mga magulang.

Nasa pagpapasinaya din sina Fr. Bienvenido Nebres, National Scientist at dating president ng Ateneo de Manila (AdMU), Atty. Jaime G. Hofileña, AdMU Vice President for Social Development; Jhoel Loanzon, ACED Project Officer; Ms Amy Perez ng ACED, mga Konsehal na sina Marlon Alejandrino at Lorie Natividad-Borja, PB Ricar Enriquez ng Pasolo at PB Rovin Felicano ng Arkong Bato. *-Beng Bautista*



**MASUSTANSYANG HANDA.** Ang WIN Mothers Club volunteers na gising na ng madaling araw sa central kitchen ng K to 6 Feeding Program na nasa Balubaran, Brgy. Malinta upang magluto ng masusustansyang pagkain. **Kuha ni Mark Cayabyab**

# Sure

## Galing ng Val

## Oustanding Stu

"The Outstanding Student of the Philippines is more than just an award-giving body because I believe there are other students in different corners of the Philippines who are also doing their share in nation building without being noticed and recognized. What happens after the recognition is what really matters. A of sustainable development, this awa – (1) that even the youth can make a in and (2) that I should soldier on wi

Ito ang saloobin ni Jerome Dav mapabilang sa Ten Oustanding Stud ginanap sa Malacañang, Hulyo 2012 husay sa *academics, leadership at socia* nag-aaral si David at naipadala na n Technology Exchange Program ng T *-Beng Bautista*

## Best Child Performer



*"Best Child Performer"* si Mark Angelo Murillo ng Brgy. Dalandanan dahil sa kanyang pagganap bilang si "Abet" sa indie film na *"Alon"* sa ginanap na PNP Film Festival sa AFP Theater, Quezon City kamakailan.

Hinasa sa pag-arte ng Valenzuela City Center for Performing Arts (VCCPA) si Mark Angelo simula 2007. Tampok rin siya bilang pangunahing aktor sa "Kinang ni Khalim" ng VCCPA noong 2011. *-Beng Bautista*

## Outstanding Young Employee in NCR




Pinarangalan bilang isa sa "Ten Outstanding Young Employees of Metro Manila (TOYEMM)" para sa 2012 ang isang empleyado ng Valenzuela City Government dahil sa kanyang kahusayan sa serbisyo na ginanap noong Okt.18 sa Hotel

VALENZUELA Ngayon



# WIN!

## mga natatanging enzuelano

### dent sa Pilipinas



s an Industrial Engineer and advocate rd is more of a validation of two things difference in the community they are ith my advocacies even at work."
vid ng Brgy. Veinte Reales, matapos ent of the Philippines (TOSP) 2012 na . Ang TOSP awardess ay may taglay na al resposibility. Sa De La Salle University rin bilang iskolar sa Inter-cultural and Tokyo Institute of Technology sa Japan.

### The Marxie Phenomenon




Tinanghal ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino bilang *Best in Production Design* ang kontribusyon ni Marxie Maolen Forlales Fadul ng Brgy. Mapulang Lupa para sa independent movie na *"The Natural Phenomenon of Madness"* sa nakaraang 35th Gawad Urian noong Hunyo 15 sa AFP Theater sa Quezon City. ***-Beng Bautista***

Intercontinental Manila sa Makati City.

Si Sunshine Manahan ng Brgy. Wawang Pulo ang Online Media Coordinator ng lungsod mula sa Public Information Office ay naguwi ng isang tropeyo, plake at cash prize mula sa Mind Matter Attitude Media, Inc. (MMA Media, Inc.) na naggagawad ng prestihiyosong parangal na TOYEMM taun-taon sa mga natatangi at karapat-dapat na empleyado, maging sa gobyerno o pribado man na nasa edad 18-30. Produkto ng Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program si Manahan na magna cum laude graduate sa Adamson University noong 2011 para sa kursong Mass Communication.

"Si Bb. Manahan ang nagsisilbing tulay ng ugnayan sa pagitan ng pamahalaang lungsod at ng mga Valenzuelano. Dahil sa kanyang dedikasyon sa trabaho, ang layunin ng pamahalaang lungsod na magkaroon ng bukas na komunikasyon ay natutupad. Sa panahon ng mga pagsubok gaya ng mga kalamidad, siya ang instrumento kung paano makapaglilingkod ang pamahalaang lokal sa tao", pahayag ni City Mayor Sherwin T. Gatchalian. ***-Zyan Caiña***

Mga sundalong Amerikano sa Malinta noong Filipino-American War. Larawan: philippineamericanwar.webs.com




# Pueblo de Polo noon, Valenzuela City ngayon

**Ni Jonathan Balsamo, Museo Valenzuela Curator**

**KINIKILALA NGAYON SA BANSA** bilang isang modelo ng lungsod sa larangan ng mahusay na pamamahala at serbisyo publiko ang Valenzuela. Sa matapat at mahusay na pamamahala ng namumuno nito at sipag at galling ng mga mamamayan nito, tiyak na magpapatuloy ang kaunlaran ng Lungsod. Sa pagdiriwang ng Araw ng Valenzuela, balikan natin ang kanyang dakilang nakaraan, na atin ding kasaysayan.

***SINAUNANG PAMAYANAN***

Bago pa man dumating ang mga Kastila, ang Valenzuela noon ay isa nang sinaunang pamayanan na matatagpuan sa tabi ng ilog. Dahil naliligid ng tubig, tinawag ang lugar na "Pulo" o isla.



Ang lumang simbahan ng San Diego de Alcala. Larawan mula sa Dyigs Sovenier Program.

***PANAHON NG KASTILA***

Itinatag ng mga Pransiskano ang Polo bilang isang hiwalay na *pueblo* at *parroquia* mula sa Meycauayan noong 1623. Malawak ang nasasakupan noon ng Polo, bago humiwalay ang Obando (1754) at ang Novaliches (1856), dahil sakop din noon ng Polo ang *Hacienda de Malinta* na binubuo ng mahigit sa 8,000 ektarya. Nang sakupin ng mga Ingles ang Maynila, inokupa nila sandali ang kapilya ni San Roque noong 1763. Nagtakbuhan sa kagubatan ang mga tao sa takot. Marami ang nagkasakit. Pag-alis ng mga Ingles, nagbalikan ang mga tao at nagdiwang. Iprinusisyon si San Roque habang nagsasayawan sa kalye. Marami raw ang gumaling kaya't ipinagpatuloy nila ito taun-taon at nakilala bilang *"Sayaw-pasasalamat kay San Roque"* hanggang sa ngayon.

***BAYAN NG MGA BAYANI***

Maraming maipagmamalaking mga bayani noong panahon ng Himagsikan ang bayan ng Valenzuela. Pinakabantog si Dr. Pio Valenzuela, ang manggagamot ng Katipunan at isa sa tatlong pinakamataas na opisyal ng samahan. Siya rin ang naging sugo ng KKK sa Mindanao upang konsultahin si Rizal sa planong himagsikan. Maipagmamalaki rin sina Capt. Delfin Velilla at Gen. Tiburcio De Leon na sumapi sa KKK at nagpamalas ng ibayong tapang at giting sa pakikipaglaban. Nagpulong din ang *supreme council* ng KKK sa Polo at itinatag ang "Huaran" ang unang balangay ng KKK sa labas ng Maynila.

***HIMPILAN NG PAG-ATAKE, PAGKALINGA***

Nang sumiklab ang digmaan sa pagitan ng mga Filipino at Amerikano noong 1899, ginawang himpilan ni Hen. Antonio Luna ang Polo kung saan niya binuo ang plano upang muling bawiin ang Maynila. Maraming kababaihan na kabilang sa mga prominenteng pamilya ang sama-samang nagtungo rito noong Peb. 10, 1899 upang alagaan at gamutin ang mga sugatang kawal at sibilyan. Nagbunga ito sa pagkatatag ng samahang *Krus na Pula* na sa ngayon ay kilala bilang *Philippine Red Cross*.

***'BATTLE OF MALINTA'***

Nagkaroon ng engkuwentro sa Malinta noong Marso 25, 1899 sa pagitan ng mga sundalong Pilipino at Amerikano kung saan napatay si Col. Harry Clay Egbert. Marami pang Amerikano ang bumagsak at sugatan. Matapos magpaulan ng bala, agad na nagsitakas ang mga Filipino at sunod na nilusob ng mga Amerikano ang kabayanan ng Polo. Nakubkob ng mga Amerikano ang Malinta, pero hindi nila natalo ang mga Filipino sa labanang ito.

***PANAHON NG AMERIKANO***

Binili ng pamahalaang Amerikano ang mahigit sa 3,000 ektaryang sakop ng *Hacienda de Malinta* at ipinagbili sa publiko noong 190_. Noong 1910, itinayo ang Arkong Bato sa pagitan ng Malabon at Polo na nagsilbing hangganan ng mga lalawigan ng Rizal at Bulacan. Itinayo ang Polo Elementary School noong 1904. Ginawa ang MacArthur Highway bilang bagong daan mula Kamaynilaan patungong hilagang Luzon noong 1920s.

***PANAHO NG HAPON***

Kahit balot ng matinding takot, maraming taga-Polo ang lihim na sumapi sa kilusang gerilya laban sa mga Hapones, kabilang na rito ang punong-bayan noon na si Feliciano Ponciano. Noong Dis. 10, 1944, si Mayor Feliciano Ponciano kasama ang halos 100 mga kalalakihan mula sa Polo at Obando ay dinakip ng mga Hapones, pinahirapan sa public plaza saka pinagpapapatay. Isa sa matatagumpay na pagkilos ng mga gerilya ay ang "BBB Attack". Nalansag ang lihim na imbakan ng gasolina at sandata ng mga Hapones sa Balintawak Beer Brewery. Noong panahon ng liberasyon, nawasak ang simbahan ng Polo sa pagbobomba ng mga Amerikano sa paniniwalang pinagkukutaan ito ng mga Hapones.

***INDUSTRIYALISASYON, KAUNLARAN***

Unti-unting bumangon ang Polo pagkaraan ng digmaan. Malaking bahagi ng mga lupang pansaka ang unti-unting naging subdivision at pabrika na nagbigay ng hanapbuhay sa maraming taga-Polo at ibang bayan. Dumami ang dumayo upang magkatrabaho. Dumami rin ang mga nabuksang bagong negosyo. Kinilala na bilang *first class municipality* ang Polo sa lalawigan ng Bulacan.

***ANG PAGHIHIWALAY AT MULING PAGSASAMA***

Noong Hulyo 21, 1960 ay nilagdaan ni Pang. Carlos P. Garcia ang Executive Order No. 401 na nagtatag sa Munisipalidad ng Valenzuela mula sa 10 baryo na inihiwalay sa Polo. Naging mainit ang isyu ng paghahati dahil sa politika kaya't nagpunta rito si Pang. Diosdado Macapagal upang konsultahin ang mga lider ng dalawang bayan. Noong Sept. 11, 1963 nilagdaan niya ang Executive Order No. 46, na muling nagsasama sa dalawang bayan bilang "Valenzuela." Noong 1975, nahiwalay ang Valenzuela sa lalawigan ng Bulacan nang ito ay maging bahagi ng bagong-tatag na "Metropolitan Manila".

Hindi rito nagtatapos ang kuwento ng Valenzuela. Patuloy ang takbo ng kuwento, patuloy ang pagdaloy ng kasaysayan. Tayo na ngayon ang nagpapatuloy nito dahil tayo ang tunay na yaman ng Valenzuela.



Ang lumang gusali ng Balitawak Beer Brewery na ngayo'y San Miguel Polo Brewery. Larawan: vmb 611.com

**BAKIT NOBYEMBRE 12 ANG 'ARAW NG VALENZUELA'?**

Batay sa tradisyon noong panahon ng mga Kastila, isinasabay ang pagtatatag ng isang bayan sa araw ng kapistahan ng kanyang patron, kung kaya't mahihinuhang pormal na naitatag ang bayan ng Polo noong ika-12 ng Nobyembre, araw ng kapistahan ni San Diego de Alcala. Sang-ayon naman sa *"Estado Geográfico, Topográfico, Estadístico, Histórico-Religioso.."* ni Padre Felix de Huerta, ang Polo ay nahiwalay sa Meycauayan nang itatag ito bilang isang nagsasariling bayan at parokya noong 1623. Kaya ngayong taon, gugunitain natin sa Nob. 12 ang ika-389 taon ng pagkakatatag ng Valenzuela bilang "Pueblo de Polo" noong 1623.



**VALENZUELA CITY NGAYON.** *Tanaw mula sa himpapawid ang MacArthur Highway (gawing kaliwa) at ang bagong sentro ng pamahalaang lungsod ng Valenzuela nasa Brgy. Karuhatan, malapit sa hangganan ng Brgy. Malinta, Marso 9, 2012.* ***Kuha ni Mark Cayabyab***

## Liham sa Kinauukulan

*Inaanyayahan ng ating pahayagang **Valenzuela Ngayon** na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.*

*Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **info@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa Official Facebook Fanpage: **Valenzuela City.** May karapatan ang publikasyon na i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengwahe.*

### Footbridges, gagamitin

Aside from being 'biz friendly, can we also be known for our discipline? Please enforce the usage of the footbridges/overpasses near Fatima hospital and BBB. Pedestrians cause unnecessary traffic in our city which is already experiencing large volume of traffic during peak hours. - ***Kurt Uy, via Facebook***

### Well-organized

Kudos! The registration process was well-organized. People were accommodating. Plus the place was air-conditioned! - ***Apple Baula, via Twitter***

### Nilinis na kanal

Dear Mayor, maraming salamat po sa inyong tugon sa aming report patungkol po sa ITC Compound. One week na po naming nakikita ang mga TMO na naglilinis sa mga kanal dito. Nakita rin po namin na hindi nila iniwan yung mga kalat at bato na nahukay nila sa mga kanal. - ***Concern Citizen, Brgy. Malanday, via E-mail***

### Salamat, Rescue Team


Kami sa Magic Five Brotherhood Association Association, Inc., Valenzuela City Council and Rescue Volunteer ay nagpapasalamat sa ating Valenzuela City Rescue Team na nagpahiram sa Kapitan ng Brgy. Malinta ng rubber boat na nagamit ng aming grupo sa pag-conduct ng rescue operation last Aug. 7-8, 2012 sa Dulong Tangke, Mariveles St, Orion St., Marcos St, Dela Cruz St, Carnation St., Outpost Malinta. – ***Mykle Caco, via Facebook***

### Accommodating

Thank you very much for very timely update and for accommodating our calls and inquiries (especially to all the government employees of this office) #REAL Public Service. Kayo na ang benchmark ko. Keep it up!- ***Leslie Anne Denzon Dolot, via Facebook***

### Sa pagsususpindi ng klase

Sana kung magsususpinde (ng klase),isa-alangalang na hindi lang baha ang batayan. Marami kaming mga estudyante na nakatira sa hindi apektadong barangay ang nag-aaral at bumibyahe pa sa mga schools na kasali sa listahan ng mga suspended. Sana lahatin na lang para hindi na mag-iisip ang mga bata na "absent" sila nung araw na yun dahil lang sa pinili ng mga magulang na hindi sila papasukin for safety and health reasons.- ***Melky Quiñones Manlapaz, via Facebook***




## Tulong sa edukasyon



**Boses Ninyo sa Kongreso**

**Rep. Rex Gatchalian**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

**MASAGANA AT MANIGONG BAGONG TAON SA ATING LAHAT!** Ngayong katatapos pa lamang nating ipagdiwang ang Kapaskuhan at masayang sinalubong ang Bagong Taon, nais kong mag-ulat sa ating mga kababayan sa Lungsod ng Valenzuela ng ilang mahahalagang bagay na matagumpay kong naisagawa sa nagdaang taon bilang pagtupad sa aking tungkulin, kinatawan ng unang distrito sa Kamara.

Hindi naman sa pagmamalaki ay marami din naman akong naiambag sa lehislatura sa pagpapasa ng ilang mahahalagang panukalang batas, para sa ikabubuti ng kabuhayan ng ating mga mamamayan hindi lamang dito sa Valenzuela kundi maging sa buong bansa.

Naging abala din ako sa aking mga adbokasiya gaya ng pagtulong sa ating mga migrant workers, pangangalaga sa kalikasan, pagsasaayos ng proseso ng halalan at marami pang iba. Pero sa lahat ng ito ay hindi ko nakalimutan ang magbigay ng suporta sa ating mga kababayan lalo na sa mga kabataan para maipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral.

Nakipag-ugnayan ako sa Technological Education Skills Development Authority (TESDA) at maging sa ibat-ibang paaralan dito sa lungsod para masigurong mabibigyan ng pagkakataon na makapag-aral ang ating mga estudyante.

Naniniwala kasi ako na makakamtan ng ating mga mahihirap na mga kababayan ang kaginhawaan kung maliban sa pagsisikap nila ay mabibigyan pa sila ng tamang edukasyon.

Base sa pinakahuling tala ay umabot na sa 706 mga kababayan nating mga scholar ang nabiyayaan ng ating programang REXponsableng Kabuhayan Program na kung saan ay nakatapos na rin sila ng iba't-ibang kurso sa pakikipagtulungan na rin ng TESDA.

Ang ilan sa mga technical courses na tinapos nila ay Software Developer, Bartending, Welding, Practical Electricity, Automotive Servicing, Massage Therapy at iba pa.

Sa kabuuan ay gumastos tayo ng umaabot sa P5.560 milyon mula sa ating Priority Development Assistance Fund (PDAF) na ginamit bilang tuition sa ibat-ibang eskuwelahan kung saan sila nag-aral.

Masaya ako para sa ating mga scholars dahil alam ang natamo nilang karunungan ay magiging sandata nila para labanan ang kahirapan.

At kapag may trabaho silang maayos ay natural lamang na magiging mga mabubuti at kapaki-pakinabang din silang miyembro ng ating pamayanan.

Mabuhay po tayong lahat at ang mahal nating Lungsod ng Valenzuela!

valenzuelako
www.valenzuela.gov.ph

City Government of Valenzuela — *Publisher*
Hon. Sherwin T. Gatchalian — *City Mayor*
Ahna F. Mejia — *Public Information Officer*
***
Mark Lester S.Cayabyab — *Editor-in-Chief*
Beng S. Bautista — *Contributing Writers*
Zyan F. Caiña
Liezel N. Fulgencio
Wynndee A. Penolio
Jonathan A. Licuan — *Contributing Photographer*
Allan C. Tampadong — *Chief Artist*
Jehan T. Ingalla — *Online Media Coordinators*
Sunshine D. Manahan
Clairidy C. Pinto — *Circulation*
Apolinario A. Francisco
Ronald A. Delino

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office at may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, Valenzuela City Hall, MacArthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City.

May karapatang sipi ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela.

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1102
Telefax: 292-9168

Download ***Valenzuela Ngayon*** in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon

Valenzuela City
valenzuelacity

TEAM PIO
Public Information Office Valenzuela City

## Kalusugan, tunay na yaman



**Ang Konseho**

**Kon. Adrian Dapat**
**Ikalawang Distrito, Valenzuela City**

**NOONG TAONG 2007 NA NAGSIMULA** kayong magtiwalasa akin, sinab ko sa sarili ko nagagawin ko ang lahat ng aking makakaya para sa Valenzuela upang maibalik sa aking mga kababayan ang tiwalang ipinagkaloob sa akin.

Sa unang pag-upo ko pa lamang sa panunungkulan, naatasan na akong maging chairman ng Committee on Health ng Sangguniang Panlungsod. Naatasan din ako ni Mayor WIN na magtaguyod sa kapakanan ng mga may kapansanan o Persons With Disability (PWD). At bilang pagtupad ko sa aking gampanin at ipinagkatiwalang responsibilidad sa akin, matiyaga kong pinag-aralan ang mga napapaloob na prinsipyo at mga batas tungkol sa kanilang mga karapatan at kapakanan. Sa ngalan ng R.A. 9442/7277, tayo ay nanindigan na maisakatuparan ang mga ito.

**KARAPATAN NG PWDs**

Nagkaroon tayo ng resolution sa Sanggunian na nagpapaalala sa ating mga negosyanteng Valenzuelano na ipatupad ang 20% diskwentong karapatan ng mga may kapansanan sa kanilang mga bilihin. Patuloy din nating ipinapaalala sa ating mga kababayan na iparehistro ang kanilang mga kaanak na may kapansanan para sa kapakinabangan ng kanilang mga karapatan.

May mga sinuportahan tayong programa kagaya ng pag-aaral ng mga PWD sa National Vocational Rehabilitation Center; pagpapatuloy ng kanilang art lessons, pagkakakaloob ng isang educational trip ng mga special children sa Philippine Science Centrum; patuloy na pagsubaybay hinggil sa pagsunod ng mga establisimyento sa Batas 344 o mas kilala bilang "An Act to Enhance The Mobility of Disabled Persons by Requiring Certain Buildings, Institutions, Establishments and Public Utilities to Install Facilities and Other Devices;" at patuloy na pagsasagawa ng mga programa sa tuwing ipinagdiriwang ang taunang National Disability Rehabilitation and Prevention Week sa buwan ng Hulyo.

**MGA PROGRAMANG PANGKALUSUGAN**

Patuloy kong pinalalaganap ang mga tamang paraan sa pagsugpo at pag-iwas sa nakamamatay na sakit na dengue na hindi maikakailang isa sa mga pinakamabigat na suliranin ng ating mga kababayan.

Sinusuportahan din natin ang programa para sa pag-iwas sa paglaganap ng rabies virus mula sa mga alaga nating hayop.

Kasalukuyang nagsasagawa tayo ng mga pag-aaral sa mga ordinansang nakalatag o ilalatag sa Sanggunian particular sa Population Control and Management, Adolescent Health, istriktong pagsunod sa pagreseta ng mga gamot para sa tuberculosis, mga gabay para maiwasan ang pag-abuso sa mga nakatatanda at PWDs; at tobacco control and management para sa pagsusulong ng mga ito.

Sa aking munting paraan, hangad ko na maipaabot sa aking nasasakupan ang aking munting tulong para sa kanilang mabuting kalusugan namaituturing nating tunay na yaman ng bawa't isa. Inaasahan kong dama nila ito lalo't higit ang mga kababayan nating may kapansanan at nakatatanda.

# Nang si Mister ay nag-leave

## Usapang Ligal

Ni Atty. Edgardo de Guzman
OIC, Public Attorney's Office

**KARAMIHAN SA ATING MGA PINOY,** partikular ang mga empleyado sa gobyerno o pribado man ay maalam sa kanilang mga karapatan sa mga benepisyong dapat nilang natatanggap. Bilang isang empleyado, maraming uri ng benepisyo ang ipinagkakaloob dito. Isa na dito ang kilalang-kilala sa tawag na *Maternity Leave*.

Alam na alam naman halos ng lahat na ito ay para sa mga empleyadong buntis na binibigyan ng mga benepisyo sa kanyang panganganak. Kung ang maternity leave ay alam na alam ng lahat, salungat naman sa tinatawag nating *Paternity Leave*.

Ang paternity leave ay hindi natin makikita sa *Labor Code*. Ang basehan sa benepisyo ng paternity leave ay matatagpuan sa Republic Act No. 8187, o kilala bilang *"Paternity Leave Act of 1996."*

Ang Paternity Leave ay isang uri ng *Parental Leave*. Maternity Leave nga ang isang uri pa nito. Ang Paternity Leave na ating pinag-uusapan ay tumutukoy sa benepisyong ibinibigay sa lalaking may asawa na empleyado sa gobyerno o sa pribado man. Ang benepisyaryo nito ay pinapayagang mag-leave (hindi papasok sa trabaho) sa loob ng 7 araw, na may kabuuang bayad ayon sa kanyang sweldo, na maaaring mapakinabangan mula sa una hanggang pang-apat na panganganak ng kanyang ligal na asawa (kanyang pinakasalan) na kasalukuyan nyang kasama sa tirahan.

Para maging ganap na benepisyaryo nito, kinakailangan ang mga sumusunod:
Ang empleyado ay ikinasal ng naaayon sa batas;

a.) Siya ay kasalukuyang nakikisama sa kanyang ligal na asawa;
b.) Ang kanyang asawa ay buntis o kapapanganak pa lamang o nakunan/ nalaglag ang bata
c.) Kinakailangan na ang panganganak ay sakop sa unang 4 na panganganak ng asawa;
d.) Ang *employer* ay naabisuhan na sa panahon ng pagbubuntis ng asawa at petsa ng panganganak nito, maliban na lamang kung ito ay nakunan o nalaglag;
e.) Ang benepisyo ay maaaring mapakinabangan sa hindi lalampas ng 60 araw mula sa petsa ng panganganak.


Ang benepisyong ito ay maaaring mapakinabangan bago pa manganak o habang nanganganak o pagkatapos manganak ng asawa nguni't hindi lalampas sa 7 araw na may pasok. Halimbawa, si Mister ay maaaring mag-leave ng 2 araw bago ang panganganak ni Misis, 1 araw habang nanganganak at 4 na araw matapos ang panganganak.

Subalit, ang Paternity Leave ay hindi maaaring tumbasan o palitan nang pera (cash) kung ito ay hindi nagamit o napakinabangan.

Para sa inyong suliraning ligal, tumawag sa telepono 294-0899 o sa 352-3000 local 248.

# Kriminal na paslit?

## Tinig Mamamayan



**ANG REPUBLIC ACT 9344 O ANG JUVENILE JUSTICE AND WELFARE ACT OF 2006** ay isinulat ni Sen. Francis Pangilinan na nagsasabing ang mga batang nagkasala sa batas na may edad na 15 pababa ay hindi maaaring papanagutin sa batas bagkus ay kailangang sumailalim sa Intervention Program. *Tanong: Sa paglaganap ng pagkakasangkot ng mga menor de edad sa mga krimen, pabor ka ba sa panukala ni Sen. Chiz Escudero na rebisahin ang naturang batas at ibaba pa sa edad na siyam ang hindi dapat papanagutin? Bakit?*

**Pabor.** Dahil base sa aking karanasan sa PNP, kasangkot ang mga menor de edad sa malaking bahagdan ng krimen. Karamihan pa sa kanila ay hawak ng malalaking sindikato dahil nga sa walang criminal liability ang mga ito. Tama lamang na ang isang 9 na anyos ang walang criminal liability pero dapat ang parusang ipapataw sa kanya ay naayon sa kanyang edad at mabigyan din ng pagkakataong itama ang kanyang mali. **- Dirt Sar Nowotzki**

**Hindi pabor.** Hindi pa rin nito matutugunan ang problema, kung baga magiging panakot lamang ito sa mga kabataang gagawa ng krimen. Sa tingin ko ang dapat tugunan ay ang mga sanhi ng mga kabataan sa paggawa ng krimen---ang KAHIRAPAN at ang kawalan ng edukasyon. Kung ang Kahirapan ay hindi masusolusyonan, mababalewala lamang ang Republic Act 9344 sapagkat mapipilitan lamang ang mga kabataang may edad na bababa sa 18 na gumawa ng krimen maibsan lamang ang dinadanas nilang kahirapan. Lalaki lamang ang bilang ng mga makukulong na kabataan. **- Zyrel Abaiz**

For me, yes. It's time na din po para harapin natin ang katotohanan na hindi lahat ng kabataan sa panahon ngayon ay napapatnubayan ng kanilang mga magulang. Sa tingin ko kapag ipinatupad ang batas na ibaba ito sa edad na siyam, agaw pansin ito sa mga magulang na bigyan nila ng sapat na atensyon at pagmamahal ang kanilang mga anak upang hindi na mapabilang sa tinatawag na salot at masasamang loob sa lipunan. **- Donna Arroz Syquia**

Oo naman, pabor ako. Ang tanong lng eh, gaano nila kabilis rerepasuhin ang batas at kung ipatutupad man nila baka abutin din ng syam-syam. Kakalungkot isipin na ang batas kung minsan talaga mas madalas pumapanig sa mga taong me pambayad ng mahusay na abugado. **– Onjing dela Cruz**

Hindi po ako pabor. Una, ang mga batang nai-involve sa krimen ay mga biktima din. Abutan sila ng tamang pamamaraan at pakikipag-usap. Higit sa lahat, nasa loob ng tahanan ang dapat humuhubog sa kanila ng tama. Bagama't ang katotohanang sa paligid ay maraming masamang impluwensya, sa mga nakatatanda at nakakaalam ng tama dapat sila ang unang magpakita ng halimbawa ng sila ay pamarisan ng mga bata. Sa mga magulang, dapat nilang alalahanin na hindi sapat na mapakain at mapag-aral nila ang mga ito. Dapat nilang hubugin ang kanilang anak sa tamang asal. Kung saan magiging kapakipakinabang at mabuting halimbawa sa komunidad at sa mga taong makakasalamuha nila. Pangalawa, ang komunidad ay dapat makipagtulungan upang maabot ang mga bata at mga kabataan, itaguyod ang moral values sa lahat ng barangay. **– Precious Diamond**

Oo, kasi walang masyadong epekto ang kasalukuyang "intervention program" dahil sa kakulangan ng pondo ng gobyerno. Lalaki lamang ang mga batang ito na sakit ng lipunan kung hindi maaagapan. Pero sana nga din, mas mababa lang ang parusa sa kanila kumpara sa mga nasa major age na. **– Elle Filipina**

**Agree.** Sapagkat ang mga batang nasa ganitong edad ay may pagkakaunawa na sa mabuti at masama. Kailangang isama sa batas na ito ang responsibilidad ng mga magulang na paigtingin ang disiplina sa loob ng tahanan dahil karamihan sa mga batang nasasangkot sa mga krimen ay kulang sa gabay at turo ng magulang. **– Marion Gerald Mangalindan**

# Hindi problema ang plastik

## Ang Taumbayan

*Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

Nina Crispian Lao at Peter Quitana

**MADALAS PINAG-UUSAPAN ANG PLASTIK** at iniuugnay sa mga delubyo na nagdulot ng sakuna at pagbaha tulad ng Ondoy at Pedring. Sinasabi rin na masama ito sa kalusugan at nakasisira ng ating kalikasan.

Maraming probinsya at bayan na ang ipinagbabawal ang paggamit ng plastik. Sa kalakhang Maynila, hinikayat ng Metro Manila Development Authority (MMDA) ang iba pang lungsod na tumulad sa Muntinlupa, Las Pinas, Makati, Pasay at Pasig.

Ang mga ipinatutupad na ordinansa ay naghihikayat na bumalik sa dating kaugalian na pagdadala at paggamit ng bayong sa tuwing mamimili sa palengke o grocery. Ngunit maliit lang na bahagi ng populasyon ang sumusunod sa mungkahing ito.

Tama at makakalikasan kaya ang pagbawal sa plastik na supot at "styro" na ginagamit na lalagyan ng ating pinamili at sa ating mga pagkain?

Ang plastik ay hango sa langis. Ang krudo ay nililinis sa proseso ng distilasyon upang makuha ang gasolina at iba pang kapakipakinabang na bagay tulad ng "naphtha" na ginagawang plastik. Ito ay magaan, matibay at hindi nabubulok kapag itinapon subalit maaaring i-resikulo para gumawa ng paleta, timba, tubong pang-irigasyon at marami pang ibang kapakipakinabang na bagay. Ang papel naman ay hango sa puno at ang lokal na industriya ay nagreresikulo at hindi gumagamit ng "virgin pulp" sa kanilang proseso kung kaya't marupok at hindi maaaring gamitin sa pagbalot ng pagkain. Kulang din ang kanilang kapasidad para tugunan ang paglaki ng pangangailangan ng merkado. Karamihan sa ginagamit ng mga establisyementong fastfood ay produktong papel na inaangkat mula sa ibang bansa kung kaya't lumaki ng 45% ang importasyon ng mga produktong papel noong 2011. Hindi ito praktikal na gamitin na pambalot lalo na nang mabibigat na pinamili dahil sa wala itong hawakan at madaling mapunit lalo na kung mabasa.

Sa mga pag-aaral na isinagawa ng United Kingdom Environment Protection Agency sa pamamagitan ng "life cycle analysis," kinumpara ang papel, plastik at "reusable." Nasiwalat na nakakaangat at mas nakabubuti ang paggamit ng plastik sa kalikasan. Mas maliit na enerhiya ang kailangan sa produksyon, paggamit at pagresikulo dahil ito ay matibay at magaan. Sinabi din sa pag-aaral na kailangang gamitin ng dalawa hanggang 9 na ulit ang papel sa isang plastik upang maging katulad ang epekto sa kalikasan. Gagamit rin daw ng isang galong tubig ang isang papel laban sa 116 na plastik.

Nakataya ang kabuhayan ng 175,000 na manggagawang Pilipino na umaasa sa industrya ng plastik na pambalot at "styro." Ayon naman sa National Statistics Office (NSO) 20-30% ang pagbaba sa konsumo ng plastik noong 2012.

Hindi solusyon ang pagbawal sa plastik sa pagtugon sa problema ng basura at pagbaha. Kailangan ang mahigpit na implementasyon ng pagbawal sa walang pakundangang pagkakalat sa ating kapaligiran at paghiwalay ng basura ayon sa RA9003 o "Ecological Solid Waste Management Act of 2000." Kailangang gumawa ng mga programa upang ang mga plastik ay maresikulo at lumaganap ang industrya ng pagresikulo at ito ay maghahatid ng karagdagang kabuhayan sa ating mamamayan.

*Si Crispian Lao ng Brgy. Paso de Blas ay honorary past president ng Philippine Plastic Industries Association at Private Sector Recycling Representative sa Solid Waste Management Commission habang si Peter Quintana ng Brgy Paso de Blas ay ang kasalukuyang tagapangulo ng Philippine Plastic Industries Association.*



# Moderno, maayos, asensado




**TULOY PO KAYO.** *Kasama ni Mayor WIN Gatchalian, Vice Mayor Eric Martinez, Alay Buhay Partylist Rep. Wes Gatchalian, DOH-NCR Dr. Eduardo Janairo, City Health Department OIC Dr. Jaime Exconde, VCEH OIC Dr. RolandoTecson, mga konsehal at mga bisita sa pagpapasinaya ng ospital, Nob. 16, 2012.*




**ITO ANG MGA PASILIDAD NA INIHANDA NG PAMAHALAANG LUNGSOD** para sa mas kombinyenteng pagbibigay-serbisyo sa mga Valenzuelano sa magandang pagsalubong sa bagong taong 2013.

Matapos ang mga parangal at pagkilalang inani ng Lungsod ng Valenzuela sa taong 2012, ang mga ito ay magagandang bunga ng pagsusumikap na gawing moderno ang mga pamamaraan at mas simple ang pagbibigay serbisyo publiko nito na isinasakatuparan sa pamamagitan ng 3S (Simple, Speed, Service) Program.

Mas modernong pasilidad, mas maayos na serbisyo, mas mabilis ang asenso. ***Mga kuhang larawan ni Jonathan Licuan.***



Nagsimulang tumanggap ng pasyente ang bagong Valenzuela City Emergency Hospital simula Dis. 1, 2012, sa bago rin nitong lokasyon sa G. Lazaro St., brgy. Dalandanan.

Libreng serbisyong medikal ang maipapaabot nito sa mga indigent patients samantalang sa abot kayang halaga naman ang mga serbisyo para sa non-indigent patients.

Meron itong 6 na dialysis machine (larawan sa kaliwa) at 50-bed capacity sa 2-storey na gusali. Madadagdagan pa ang kapasidad nito kapag natapos naman ang ikatlong palapag.






Si Valenzuela Polytechnic College (Valpoly) President Dr. Nellie Asuncion at Mayor WIN Gatchalian sa pagpapasinaya ng 16 na dagdag klasrum habang ipinakikita ang mga kumpletong kagamitan ng paaralan, Nob. 15, 2012, sa pagbibigay ng bokasyunal at teknikal na edukasyon.




Mayroong 1,600 na mag-aaral ang Valenzuela Polytechnic College (Valpoly) na nasa Brgy. Parada at pinatatakbo ng pamahalaang lungsod. Mayroon lamang itong 22 silid-aralan subalit nadagdagan ito ng 16 pang klasrum para punan ang lumalaking pangangailangan ng mga estudyante. Para sa inyong katanungan ukol sa serbisyo ng Valpoly tumawag sa 292-0480.



Ang bagong renovate na Valenzuela City Astrodome na nasa tapat ng Valenzuela City Emergency Hospital. Mas maayos at komportable na ang may 2,247-seating capacity na pasilidad.